# Allāhumma aṣliḥ lī dīni -llādhī huwa `iṣmatu amrīy, wa aṣliḥ lī dunyāya -llatī fīha ma`āshī, wa aṣliḥ lī ākhirati -llatī ilayhā ma`ādī, wa-j`ali -lḥayāta ziyādatan lī min kulli khayr, wa-j`ali -lmawta rāḥatan lī min kulli sharr. (O Allāh, pabutihin Mo para sa akin ang pagrerelihiyon ko na siyang pananggalang sa kapakanan ko, pabutihin Mo para sa akin ang mundo ko na nasa loob nito ang kabuhayan ko, pabutihin mo sa akin ang Kabilang-buhay ko na doon ang uwian ko, gawin Mo ang buhay na karagdagan para sa akin sa bawat kabutihan, gawin Mo ang kamatayan ng kapahingahan para sa akin sa bawat kasamaan.)

Nagsabi si Abū Hurayrah, malugod si Allāh sa kanya: Ang Propeta, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, ay nagsasabi noon: "Allāhumma aṣliḥ lī dīni -llādhī huwa `iṣmatu amrīy, wa aṣliḥ lī dunyāya -llatī fīha ma`āshī, wa aṣliḥ lī ākhirati -llatī ilayhā ma`ādī, wa-j`ali -lḥayāta ziyādatan lī min kulli khayr, wa-j`ali -lmawta rāḥatan lī min kulli sharr. (O Allāh, pabutihin Mo para sa akin ang pagrerelihiyon ko na siyang pananggalang sa kapakanan ko, pabutihin Mo para sa akin ang mundo ko na nasa loob nito ang kabuhayan ko, pabutihin mo sa akin ang Kabilang-buhay ko na doon ang uwian ko, gawin Mo ang buhay na karagdagan para sa akin sa bawat kabutihan, gawin Mo ang kamatayan ng kapahingahan para sa akin sa bawat kasamaan.)"
[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

Kabilang sa mga panalanging ipinanalangin noon ng Propeta, pagpalain siya ni Allāh at pangalagaan, ay ang panalanging ito na naglalaman ng paghiling at paghingi ng mga kabutihan sa Mundo at Kabilang-buhay, ng paggawa sa kamatayan sa pagbibigay-wakas nito sa kanya at pagbaba nito sa kanya bilang kapahingahan sa mga kasamaan ng mundo at mga kasamaan ng daranasin sa libingan dahil sa pagkamasaklaw ng bawat kasamaan bago nito at matapos nito, at na gawin ang buhay niya bilang nakatuon sa anumang iniibig ni Allāh at iwasan ang anumang kinasusuklaman Niya at hindi naiibigan.